

Karamihan hindi tumutulong ang HDRC sa mga problemang sumusunod:

1. Pagka-bangkarote (bankrupt)
2. Pagprotekta sa mga mamimili o pananagutan ng produkto
3. Pag-aalaga o pagbabantay ng tao o ari-arian
4. Paghahabla/Pagdidemanda ng kasalanang krimen
5. Pagpaplano ng mga pag-aari
6. Batas Pampamilya- pag-aampon, pagkuha at pag-aaruga/pagsuporta sa bata, diborsyo
7. Maling gamit ng propesyon (Malpractice)
8. Problema sa mga Pansariling Seguro (Private Insurance)
9. Pag- aaway sa mga ari-arian
10. Problema sa buwis
11. Abogado tungkol sa 'Tort' Kompensasyon ng mga manggagawa o ERISA

**1132 Bishop Street, Suite 2102
Honolulu, Hawaii 96813**

*Phone (v/tty) - (808) 949-2922
Statewide Toll-Free(v/tty) - 1-800-882-1057
Fax - (808) 949-2928*

*E-mail - info@hawaiidisabilityrights.org
Website - www.hawaiidisabilityrights.org*

*Photo by Sharon Smockhoffmann
May 2018*



**HAWAII
DISABILITY RIGHTS
CENTER**

Tagalog

Introduksyon: Kasaysayan at Misyon

Ang Sentro ng Karapatan ng mga may Kapansanan sa Hawaii ang naatasang sistema upang magbigay ng Proteksyon at Tulong sa mga may kapansanan, at Programa ng Pagtulong sa mga Kliyente. Ito ay itinatag noong 1977 bilang korporasyong 'non-profit', upang protektahan at ipaglaban ang mga karapatan pantao, sibil at legal man, ng mga may kapansanan.

May pitong batas pederal na nagbibigay sa HDRC ng kapangyarihang ipatupad ang mga batas upang protektahan ang mga mayroon ng kapansanan mula pagkabata, kapansanan sa pag-iisip/pag-uutak, at lahat ng iba pang uri ng kapansanan.

Tinutulungan ng HDRC ang mga may kapansanan. Ang tinatawag na kapansanan ay ang mga taong may limitasyon sa: pag-iistima sa sarili, paggalaw-galaw sa paligid, kakayahang mabuhay ng nag-iisa, kakayahang kumita para sa sarili, pag-aaral, sariling-direksyon, o pang-uunawa at pagpapahiwatig/pakikipagsalita sa iba.

Ang mga serbisyong ibinibigay ng HDRC ay **Pag-aalaga at Panggagamot** – ang karapatang makatanggap ng pag-aalaga at panggagamot ng walang pang-aabuso at pagpapabaya; at ayon sa tamang proseso, kaalaman bago maibigay ang pahintulot, pananatiling lihim ang mga personal at pansariling mga bagay.

Pagkamamamayan – ang karapatang makapunta sa mga lugar pampubliko; makagalaw ng malaya; makaboto; magsilbing miembro sa isang hurado; pumasok sa isang kontrata; magkaroon at mamahagi/magbenta ng ari-arian; at maging legal na mamamayan ng Amerika (naturalized citizen).

Edukasyon – ang karapatang makatanggap ng mga programang pang-edukasyon at mga serbisyong naaayon dito; makapag-aral sa mga 'classroom'; hindi puwedeng arestuhin, suspendihin, at patalsikin mula sa isang paaralan ng dahil sa diskriminasyon.

Trabaho – ang karapatang walang diskriminasyon na matanggap sa trabaho, pagbibigay ng resonableng akomodasyon, pag-asenso o pagtanggap sa isang makumpetisyon, suportado at maayos na trabaho; at karapatang tumanggap ng tulong ukol sa pangangailangan serbisyo ng VR.

Mga Programa at Serbisyo – ang karapatang magamit ang mga programa at serbisyo; at kung ikaw ay kwalipikado, walang diskriminasyon na makakuha at magamit ang mga serbisyo tulad ng, tulong pangteknolohiya (Assistive Technology), Medicaid, SSI/SSDI, transportasyon, serbisyong para lamang sa uri ng kapansanan, atbp.

Ang mga sumusunod ay tulong na ginagawa ng HDRC:

1. **Pagkalinga** - pagkilala at pagkalinga sa mga hindi pa nakakatanggap o kulang sa tulong na natatanggap (grupong iba't-ibang lahi, uri, lugar). Pagsisilbi sa mga konseho, grupo, at mga kinatawan na naglalayong ipaglaban ang mga hinaing ng mga may kapansanan.
2. **Pagbibigay ng mga impormasyon** - pagbibigay ng impormasyon at ituro sa mga pwede pang tumulong, kung hindi matulungan ng HDRC ang aplikante.
3. **Edukasyon at Treyning** - pagbibigay ng edukasyon at treyning sa mga may kapansanan, mga pamilya, mga komunidad, mga legal na propesyonal, at sa mga tagapagbigay ng mga serbisyo.
4. **Kaso ng bawa't isa** - pagbibigay tulong upang mabigyan lunas ang mga hinaing at problema ng mga may kapansanan. Kasama sa pagtulong sa bawa't isa ay ang mga: tulong pang-teknolohiya, tulong-panandalian, at tulong- pangmalawakan.

Mga batayan upang maging kwalipikado:

1. May **kapansanan**, tulad ng nakasaad sa aming CAP o isa sa aming mga P&A program; at
2. Makapasa sa **kwalipikasyong hinahanap** na nakasaad sa aming mga CAP, P&A, WIPA program; at
3. May **problema** na nagbunga o dahil sa kanyang kapansanan; at
4. Ang problema ay kasama sa kasalukuyang listahan ng mga **prioridad** ng HDRC Client Services.